ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LIII Blg. 10
Mayo 21, 2022
www.cpp.ph

EDITORYAL

Ibayong magkaisa at labanan ang rehimeng US-Marcos II

Dapat ibayong pagbuklurin ang sambayanang Pilipino para determinadong labanan ang mauupong rehimeng US-Marcos II na itatatag sa pundasyon ng pandaraya sa halalan, nakaw na yaman, at pambabaluktot sa kasaysayan.

Hindi pa man nauupo sa poder, labis nang nahihiwalay ang naghaharing pangkating Marcos-Duterte dahil sa matinding galit ng sambayanang Pilipino sa tiraniya, korapsyon at pang-aapi sa ilalim ng kanilang mga dinastiya. Ang malawak na kilusang anti-Marcos-Duterte noong panahon ng eleksyon ay dapat lalong mahigpit na buklurin, palaparin at pakilusin.

Mahina at mabuway ang itatatag na rehimen ni Marcos Jr. na mamumuno sa gitna ng paglubha ng krisis sa ekonomya at kabuhayan, sumisidhing mga hinaing ng sambayanan, at tumitinding ribalan ng mga naghaharing paksyon. Dahil dito, tiyak na lalo itong babaling sa pampulitikang panunupil gamit ang armadong pwersa ng estado.

Gayon, dapat pagtibayin ang determinasyon ng sambayanang Pilipino na manindigan at lumaban gaano man kahirap o katagal ang magiging pakikibaka sa darating na hinaharap. Dapat palakasin ang hanay ng iba't ibang sektor, laluna ng masang anakpawis na magsisilbing pangunahing muog sa malamang ay magiging mahirap na pakikibaka.

Mauupo si Marcos Jr. sa trono ng Malacañang at pamumunuan ang estadong neokolonyal ng US. Siya ang magiging pangunahing tagapangasiwa at tagapagtanggol ng naghaharing sistema at ng interes ng mga imperyalistang bangko at kumpanya sa Pilipinas, ng katuwang nitong naghaharing uring malalaking burgesyang kumprador at malalaking panginoong maylupa, at ng kanilang mga burukrata-kapitalistang ahente.

Tanda ng lalong pagkabulok ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ang nakatakdang pag-upo sa tuktok ng reaksyunaryong estado ni Marcos Jr., anak ng dating diktador na nagpapakasasa sa 14-taong pandarambong, pasismo at korapsyon ng kanyang ama at inang si Imelda. Katuwang ni Marcos Jr. si Sara Duterte, anak at tagapagpatuloy ng dinastiya ng tiranong si Rodrigo Duterte. Ang kanilang pangkat, kasama si Gloria Arroyo, ay kumakatawan sa pinakapasista at pinakaganid sa mga paksyon ng naghaharing uri.

Ang pagbabalik ng mga Marcos sa poder ay walang pagdududang maghahatid ng labis na pagdurusa sa sambayanang Pilipino. Tuluyang ipagkakait sa bayan ang yamang dinambong ng mga Marcos noong batas militar, na tinatayang nagkakahalagang $10 bilyon. Isasagad ng mga Marcos ang burukrata-kapitalistang korapsyon sa pagmamadaling kumamkam ng dagdag pang yaman sa anyo ng panunuhol at pagbubulsa ng porsyento sa mga proyektong pang-imprastruktura ng gubyerno. Pakay ng mga Marcos na ipagpatuloy at palawakin ang paghahari ng kanilang dinastiya.

Hahawakan ni Marcos ang poder habang batbat ng krisis ang naghaharing sistema. Matapos ang anim na taong paghahari, iiwan ni Duterte ang gabundok na utang at gubyernong binangkarote ng korapsyon, sobrang gastos ng militar at pulis, at pagkaltas ng buwis sa mga kumpanyang dayuhan. Ngayon pa lang, usap-usapan na ang pagpapataw ng karagdagang mga buwis para ipambayad sa utang na hindi naman pinakinabangan ng bayan. Ang mga planong ito ay lalong magpapabigat sa pasanin ng mamamayang nagdurusa sa pagsirit ng presyo ng mga bilihin, mababang sahod at kawalang kita.

Hawak ang kapangyarihan, ipagpapatuloy at patitindihin ni Marcos ang pambabaluktot sa kasaysayan para pagtakpan ang mga krimen at pandarambong ng mga Marcos sa ilalim ng batas militar at palabasin na ito'y isang "gintuang panahon" sa kasaysayan ng bansa. Sa Setyembre 21, eksaktong limampung taon mula nang ideklara ang batas militar, tiyak na sasalubungin ng protesta ng puo-puong libong mamamayan ang plano ni Marcos Jr. na tuluyang burahin sa kamalayan ng mga tao ang lahat ng mapait na alaala ng pasistang paghahari ng diktador.

Ang paghahari ni Marcos Jr. ay inaasahang magpapatuloy sa paghaharing tiraniko ni Duterte at magpapanumbalik sa paghaharing diktador ng kanyang ama. Sa tabing ng "pagkakaisa," nais ni Marcos Jr. na absolutong hawakan ang buong gubyerno at burahin ang anumang uri ng pagtutol sa kanyang paghahari. Nais din niyang yumukod sa kanyang kapangyarihan ang lahat ng oligarko at mga karibal na paksyon ng naghaharing uri. Ang kongreso at ang senado ay inaasahang mapaiilalim sa supermayoryang kontrol ni Marcos Jr. at, tulad sa ilalim ni Duterte, ay magsisilbing tagapagpatibay lamang ng kanyang mga dikta.

Iiral ang awtoritaryanismo ni Marcos Jr. sa ilalim ng karatulang "pagkakaisa." Ang hindi "makikiisa" ay babansagang "hindi maka-Pilipino" o "kalaban ng estado" at tatargetin ng panunupil ng mga pwersa ng estado. Tumitindi na ang *red-tagging* ng NTF-Elcac laban sa mga kumukwestyon sa pandaraya sa nagdaang eleksyon at sa mga pwersang nagpapaalala sa mga abuso at korapsyon sa ilalim ng diktadurang US-Marcos I. Pinupuntirya ang mga demokratikong organisasyong masa ng iba't ibang batayang sektor, pati na rin ang mga akademiko, mga samahang pangkultura, taong-simbahan, abugado at iba pang kritikal sa napipintong pag-upo ni Marcos.

Matatag ang determinasyon ng Partido na labanan ang napipintong paghahari ni Marcos Jr., upang ipagtanggol ang interes ng sambayanan at isulong ang kanilang pakikibaka para sa tunay na demokrasya at kalayaan. Batid ng Partido kung papaanong ang pag-upo ni Marcos sa poder ay lumilikha ng kundisyong pabor para sa pagsulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka dahil inilalantad nito ang bulok na kaibuturan ng naghaharing sistema, at dahil ginigipit ang ligal na mga paraan ng paghahayag o paglaban.

Katulad ng panahon sa ilalim ng batas militar, hindi matitinag ang Partido na pamunuan ang pakikibaka laban sa pasismo at korapsyon ng paghaharing Marcos. Malawak ang hanay ng mga pwersang makaaagapay ng Partido sa landas na ito ng paglaban, kaya magpapakahusay ito sa pakikipagkaisa sa lahat ng positibong pwersa para ibayong ihiwalay si Marcos Jr. at asintahin siya ng malalawak na kilos protesta at iba pang anyo ng pagbaka.

Ibayong magpapakatatag at magsisilbi ang Partido na pinakamatibay na gulugod ng paglaban sa rehimeng US-Marcos II. Patuloy nitong pamumunuan at palalakasin ang Bagong Hukbong Bayan upang magsilbing pangunahing instrumento sa pagbaka sa naghaharing pasistang rehimen at para ibayo pang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan at ang hangarin para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB

ANG Bayan

Tomo LIII Blg. 10 | Mayo 21, 2022

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Ibayong magkaisa at labanan ang rehimeng US-Marcos II 1
Pinakamaruming eleksyon sa kasaysayan 3
Mga dinastiya sa bagong gubyerno 4
Mga naghaharing-uri sa *party list* 5
57th IB, inambus sa Sultan Kudarat 5
Mga protesta 5
Paano pinapawi ng AFP ang demokrasya 6
Sa madaling salita 7
Negosyo ang remitans ng mga migrante 8
Busabos ang mga manggagawa sa *onay* 9
2 magsasaka, inaresto 10
Ambus sa Turkey 10
Gera sa Ukraine, pinatatagal ng US 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

@cpp_angbayan ang.bayan@cpp.ph

Pinakamaruming eleksyon sa kasaysayan, sinalubong ng protesta

Tinawag ng Kontra Daya at mga demokratikong organisasyon ang eleksyong 2022 bilang pinakamaruming eleksyon sa kasaysayan ng bansa. Anila, napakaraming aberya sa araw ng botohan habang walang awat ang paglaganap ng disimpormasyon sa panahon ng kampanya.

Sa inisyal na tala ng Kontra Daya, halos 1.1 milyong boto ang nawalan ng saysay dahil sa aberya ng 2,000 *vote counting machine* (VCM) o makinang nagbibilang ng boto. Magulo at marami ang hindi na nakaboto dahil sa tagal ng paghihintay. Marami sa mga botante ang napilitan na lamang iwan ang kanilang balota sa mga upisyal sa eleksyon. Dahil sa mga aberya, nanawagan ang mga botante sa Commission on Elections na palawigin ang oras ng botohan, subalit tinanggihan ito ng institusyon.

Sa kabuuan, tumanggap ang mga grupong nagmomonitor sa eleksyon tulad ng Kontra Daya at Vote Report PH ng 4,000-9,500 ulat ng anomalya at problema noong eleksyon. Halos 3,000 na sa mga ito ang kanilang nakumpirma. Sa kabuuang 2,683 na paglabag na kanilang naisadokumento, 52.3% ay mga palyadong makina sa pagboto, sumunod ang pangangampanya sa araw ng eleksyon (14%) at kapalpakan sa proseso ng eleksyon (11.2%).

Ikinabahala ng mga grupo ang naging kalakaran kung saan pinaiwan ng Comelec sa mga botante ang kanilang mga boto, ipinaubaya sa iba ang pagpasok ng mga ito sa makina at ipinauwi nang walang resibo dahil sa mabagal na pagpapalit sa mga palyadong makina. Anila, dapat magkaroon ng imbestigasyon sa sistemang ito. Pinakamarami ang pumalyang VCM sa eleksyong ito kumpara sa mga awtomatikong halalan sa 2010 at 2016. Ayon sa isang propesor ng *statistics*, "ang tanging paraan para maberipika (ang nangyaring pagbibilang sa boto) ay sa pamamagitan ng manwal na pagbibilang ng mga boto."

Liban rito, marami ring naisadokumento na bilihan ng boto at presensya ng militar at pulis sa lugar ng botohan. Mas marami pang kaso ng intimidasyon at karahasan, laluna sa kanayunan, ang di naisadokumento ng grupo.

Ani Prof. Danny Arao, kumbenor ng Kontra Daya, "Ang kongklusyon sa eleksyon ay simple lang, ito ang pinakamalala. Ito ang pinakabulok. At ito ang pinakawalang kahihiyang dinaya."

Liban sa dayaan, malaki rin ang ginampanang papel ng sistematikong disimpormasyon, pagpapatalastas ng mga pulitiko at algoritmo sa *social media.*

Bilang tugon sa maruming eleksyong nagpapanalo sa tambalang Marcos-Duterte, samutsaring pagkilos ang isinagawa ng mamamayan. Sa Mayo 10, libu-libo, karamihang kabataan, ang tumungo sa upisina ng Comelec para batikusin ang kapalpakan ng ahensya sa nagdaang eleksyon. Itinayo nila ang Kampuhan Kontra Daya sa Liwasang Bonifacio hanggang Mayo 13 kung saan isinagawa ang nagsama-samang mga diskusyon at kulturang pagtatanghal. Panawagan nila sa kanilang mga kapwa "kakampink" (katawagan sa mga tagasuporta ng tambalang Leni-Kiko) na huwag manlumo at ituloy ang laban. Malalaki ring pagkilos ang naitala sa Naga City at Mabinay, Negros Oriental noong Mayo 10.

Nagmartsa ang 4,000 katao noong Mayo 13 tungong Philippine International Convention Center (PICC) sa Pasay City kung saan isinagawa noon ang unang araw ng upisyal na pagbibilang ng Comelec. Naging kulminasyon ang martsa ng 3-araw na kampuhan. Bago ang martsa, naglunsad ng isang padasal ang mga taong simbahan at relihiyosong grupo malapit sa PICC para ipanawagan ang pagtatanggol sa demokrasya.

Kinagabihan, nagtipon ang mga tagasuporta ng tambalang Leni-Kiko sa Ateneo de Manila sa Quezon City sa isang programa ng "pasasalamat." Sa programang ito inanunsyo ni Leni Robredo ang pagbubuo ng Angat Buhay NGO, ang aniya'y magiging "pinakamalawak na volunteer network sa buong bansa." Samantala, nangako siyang "titingnan" ang mga kaso ng iregularidad sa eleksyon, pero sa parehong panahon, sinabi niyang "kailangang tanggapin na hindi naayon" sa kanya ang resulta.

Liban pa sa mga protesta sa Metro Manila, pinangunahan din ng kabataan ang mga protesta sa mga syudad ng Baguio, Naga, Iloilo, Bacolod, Cebu, Davao at mga prubinsya ng Isabela, Nueva Vizcaya, Nueva Ecija, Tarlac, Bulacan, Pampanga, Zambales, Balanga at Mariveles sa Bataan, Batangas, Quezon, Laguna, Aklan, Leyte, Negros Oriental, at Zamboanga. Sa ibayong dagat, nagprotesta ang kabataang Pilipino sa Boston at New York City sa US. AB

Pamamayagpag ng mga dinastiya sa bagong gubyerno

Matapos ang reaksyunaryong eleksyong Mayo 9, nadagdagan ang bilang ng mga dinastiya at magkakapamilya na nakasungkit ng pwesto mula sa antas prubinsya hanggang pambansa. Hindi ito kataka-taka dahil mayorya ng mga kandidatong naglaban-laban ay mula sa magkakaribal na dinastiya. Marami sa mga "nanalo" ay pumanig sa tambalang Marcos-Duterte, o di kaya'y nagkunwaring nyutral, at may kontrol sa mga pambansa at lokal na upisyal ng Commission on Elections.

Mula sa pinakamataas, pinakamarami ang angkan ng mga Marcos-Romualdez. Mula kay Ferdinand Jr. bilang pinakamataas na upisyal sa bansa, pito pa sa kanilang angkan ang uupo sa pwesto sa susunod na mga taon. Ang mga ito ay sina Sandro Marcos, anak ni Marcos Jr., kinatawan ng unang distrito ng Ilocos Norte; Matthew Marcos Manotoc, anak ni Imee Marcos, gubernador ng Ilocos Norte; at Cecilia Araneta Marcos bilang bise-gubernador. Dagdag sila kay Imee Marcos na nakaupong senador.

Tatlong Romualdez ang nanalo sa Leyte, kabilang si Martin Romualdez bilang kongresista, kanyang asawa bilang kinatawan ng Tingog Partylist at pinsang si Alfred bilang meyor ng Tacloban City. Ngayon pa lamang, matunog nang uupo bilang Speaker of the House si Martin Romualdez.

Samantala, tatlong anak ni Rodrigo Duterte ay nabiyayaan ng pwesto—si Sara bilang bise-presidente, at ang dalawa niyang kapatid bilang meyor at kinatawan ng unang distrito ng Davao City.

Sa Senado, anim sa 24 na pwesto ay nasungkit ng mga pulitiko mula tatlong "matatabang" dinastiya. Kabilang sa kanila ang mag-inang sina Cynthia at Mark Villar mula sa isa sa pinakapinaborang pamilyang burukrata-kapitalista sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Liban sa kanila, magkakasabay na uupong senador ang magkapatid na sina Alan Peter at Pia Cayetano. Pasok din ang magkapatid na JV Ejercito at Jinggoy Estrada, kapwa anak ni Joseph Estrada.

Pagkopo ng pusisyon sa lokal na pulitika

Mula Luzon hanggang Mindanao, namamayagpag ang lumang mga dinastiyang deka-dekadang naghari-harian sa kani-kanilang saklaw.

Sa Maguindanao, patuloy na naghahari ang mga Ampatuan, sa kabila ng hatol sa kanilang pinuno na si Datu Andal Ampatuan, Sr., kasama ng kanyang mga kapatid, sa kaso ng pagmasaker sa 58 katao, kung saan 32 ay mamamahayag, sa bayan ng Shariff Aguak nooong Nobyembre 2009. Sa 39 na may apelyidong Ampatuan na tumakbo, 29 ang "nanalo." Anim ay bilang meyor, lima bilang bise-meyor at 18 bilang mga konsehal sa mga bayang tinaguriang "Imperyo ng mga Ampatuan."

Sa Metro Manila, mga pamilyar na mukha at apelyido ang nailuklok sa pusisyon. Sa 16 na syudad at isang munisipyo dito, walo sa mga alkalde ay mula sa kilalang dinastiya sa pulitika.

Sa Masbate, limang myembro ng pamilyang Kho ang nakasungkit ng lahat ng matataas na pusisyon (gubernador, bise-gubernador at kinatawan ng tatlong distrito.)

Sa Camarines Sur, ang mga Villafuerte na may tatlong pwesto ang naghari. Sa Albay, namayagpag ang mga Rosal (2 pwesto) at Salceda (5 pwesto). Sa Catanduanes, tatlong magkakapatid na Chua ang nanalo bilang gubernador, bise gubernador at meyor. Mag-asawang Hamor ang nanalong meyor at bise sa Sorsogon City. Dalawang Escudero ng Sorsogon, si Chiz bilang senador at kapatid niyang si Dette bilang kongresista ang sabay na uupo sa gubyerno.

Sa Cavite, nanaig ang mga pamilyang Barzaga, Remulla at Revilla. Nakaupo sa senado si Ramon "Bong" Revilla.

Sa Ilocos Sur, napahigpit pa lalo ng pamilyang Singson ang kapit sa poder. Apat sa kanilang pamilya ang uupo bilang gubernador, bise-gubernador at kinatawan ng dalawang distrito ng prubinsya. Sa Abra, namayagpag ang tambalan ng mag-amang Dominic Valera at Joy Bernos bilang gubernador at bise-gubernador. Ang kanilang kamag-anak na mga Bernos ay nakakuha ng tatlo pang pusisyon. Sa Apayao, nanatili ang paghahari ng pamilyang Bulut matapos nilang makuha ang apat na pwesto.

Sa Lanao del Sur, tatlong matataas na pwesto ang nasungkit ng pamilyang Alonto-Adiong. Sa isla ng Camiguin, nanatiling monopolyo ng pamilyang Romualdo ang lokal na pulitika matapos apat sa pinakamatatas na pwesto sa lokal na gubyerno ang kanilang nakopo.

Sa tala noong 2019, umaabot sa 163 pamilya sa pulitika ang nakaupo sa pwesto. Ngayong 2022, hindi malayong mas marami ang mga dinastiya. AB

Eleksyong *party list,* dominado ng mga naghaharing uri

Hindi natuloy ang proklamasyon ng Commission on Elections (Comelec) sa nanalo sa eleksyon ng sistemang *party list* na nakatakda noong Mayo 19 dahil sa gaganapin pang espesyal na eleksyon sa Lanao del Sur. Gayunman, batay sa mga di-upisyal at parsyal na mga tala ng mga boto, malinaw na halos lubusan nang inagaw ng naghaharing uri ang kahit pakunswelong espasyo na nakalaan para sa partido ng mamamayang "marginalized" o walang kapangyarihan.

Dominado ang eleksyong *party list* ng ACT-CIS, 1-Rider, Tingog, 4Ps, Ako-Bikol, Sagip, CIBAC, mga grupong Tutok to Win, Duterte Youth at Agimat—pawang mga alyado ng mga partido nina Ferdinand Marcos Jr. at Sara Duterte.

Ang mga ito ay hindi tunay na kumakatawan sa mga sektor na nasa laylayan ng lipunan. Sa katunayan, ang mga ito ay pinatatakbo o di kaya ay may ugnay sa mga burgesyang kumprador, burukratang kapitalista, panginoong maylupa, pulis at militar upang mapalakas pa ang kapit sa reaksyunaryong pulitika. Hindi bababa sa anim na *party list* na may kinatawan mula sa dinastiya sa pulitika ang nakatakdang uupo sa kongreso.

Samantala, mula sa kasalukuyang pitong kinatawan, tatlo na lamang mula sa progresibong blokeng Makabayan ang makauupo sa ika-19 na Kongreso. Ang mga ito ay ang mga kakatawan sa Kabataan PartyList (KPL), Gabriela Women's Party at ACT Teachers Partylist. Liban sa KPL na nakakuha ng halos dobleng boto kumpara sa nakuha nito noong 2019, lahat ng mga partido ng Makabayan ay dumanas ng pagliit ng mga boto. Ang Anakpawis Partylist ay hindi na maaaring tumakbo sa susunod na eleksyon dulot ng dalawang beses na itong hindi nakapagpaupo sa Kongreso.

Bago at sa araw mismo ng botohan, ipinalaganap ng mga operatiba ng NTF-Elcac ang pekeng resolusyon ng Comelec na nagsasabing diskwalipikado sa eleksyon ang mga partido ng Makabayan, sina Neri Colmenares at Elmer Labog, at maging ang mga kandidato ng Tropang Angat at 1Sambayan. Bago nito, sustenido at malawakan ang pangre-*red-tag* at paninira ng ahensya sa mga progresibong kandidato. Sa kabila nito, nakakuha pa rin si Colmenares ng higit anim na milyong boto, mas mataas kumpara sa 4.66 milyon botong nakuha niya noong 2019.

Hindi rin pinalusot ang mga partidong Akbayan at Magdalo na nakadikit sa Liberal Party at kampo ni Leni Robredo.

Samantala, ipinroklama na ang 12 nanalong senador noong Mayo 18. Ang mga ito ay sina: Robin Padilla na nakakuha ng pinakamaraming boto, kasunod sina Loren Legarda, Raffy Tulfo, Sherwin Gatchalian, Francis Escudero, Mark Villar, Alan Peter Cayetano, Juan Miguel Zubiri, Joel Villanueva, JV Ejercito, Risa Hontiveros at Jose "Jinggoy" Estrada. Liban kay Hontiveros, lahat ng nanalong senador ay sumuporta sa tambalang Marcos-Duterte.

Sundalong protektor ng mapanirang pagtotroso sa Sultan Kudarat, inambus ng BHB

TINAMBANGAN NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat ang bumabyaheng mga sundalo ng 57th IB na lulan ng isang siksbay sa Purok Dulangan Km 18, Barangay Salangsang, Lebak noong Mayo 14. Ang naturang yunit militar ay protektor ng mapanirang operasyong pagtotroso ng D.M. Consunji Inc.

Tatlong sundalo ang agad na nasawi sa armadong aksyon habang apat ang nasugatan. Ikinagalak ng masang Lumad na Dulangan-Manobo at Moro ang matagumpay na pagpaparusa sa 57th IB. Matagal nang idinadaing ng mga residenteng Lumad ang pagbabanta, panggigipit at sapilitang pagpapasurender sa kanila ng militar.

Sa Surigao del Sur, isang sundalo ng 3rd Special Forces Battalion ang napaslang sa operasyong isnayp ng mga Pulang mandirigma noong Mayo 3 sa Diatagon, Lianga. Nagsasagawa ng operasyong kombat ang naturang yunit ng kaaway nang paputukan ito ng BHB.

Pagtanggal ng *ban* sa *open-pit mining* sa South Cotabato, kinastigo. Tatlong libo ang nagprotesta sa South Cotabato noong Mayo 19 laban sa pagtanggal ng Sangguniang Panlalawigan sa 12-taong pagbabawal sa mapangwasak na *open-pit* na pagmimina sa prubinsya. Tulak ang pagtatanggal ng *ban* ng rehimeng Duterte at Sagittarius Mining Inc. para ituloy na $6-bilyong proyektong Tampakan Copper-Gold Mine. Para sa mga residente, grupong makakalikasan at simbahan, hindi matutumbasan ng diumano'y kikitain ng mga katutubo hindi lamang ang pinsalang idudulot nito sa kalikasan kundi pati ang pagwasak sa kultura ng mga B'laan at Manobo sa erya.

Marcos Layas!, sigaw ng mga Pinoy sa Melbourne. Sinalubong ng protesta ng mga aktibista at "kakampink" noong Mayo 16 si Ferdinand Marcos Jr. matapos nilang matuklasan na lihim itong nagbabakasyon sa Victoria One Building sa Melbourne, Australia. Anila, "hindi pwede rito ang hindi nagbabayad ng buwis!" Binatikos nila ang panunumbalik ng mga Marcos sa poder at sinabing hindi "welcome" ang pamilya ng diktador sa Australia.

Kung paano pinapawi ng AFP ang demokrasya

Iniulat mula sa iba't ibang panig ng bansa noong panahon ng katatapos na eleksyon ang lantarang pangangampanya ng mga tauhan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para kay Ferdinand Marcos Jr. bilang presidente. Kinasasabikan talaga ng mga heneral ng AFP ang panunumbalik ng pamilyang Marcos na sa nakaraa'y nagbigay sa kanila ng malawak na kapangyarihan at lisensyang makapanggahis nang walang pananagutan.

Kung busog na busog ang AFP sa ilalim ng tiraniya ni Duterte, inaasahang lalo pa silang mabubundat sa katakut-takot na kapangyarihan sa kabang-bayan at pulitika ng bansa na ibibigay ng manok nilang si Marcos Jr.

Busog sa pondo at pusisyon

Haligi ng batas militar ni Marcos Sr. ang AFP, kabilang ang pinamumunuan nitong Philippine Constabulary (PC o pulis). Sa atas ni Marcos Sr., basta-basta silang nang-aresto at nangdetine sa sinumang sumusuway sa gubyerno o di kaya'y pinagdududahang subersibo.

Para panatilihin bilang matatag na pundasyon ng kanyang paghahari, pinalobo ni Marcos Sr. ang lakas-tauhan ng militar mula 60,000 noong 1972 tungong 250,000 sa loob lamang ng tatlong taon. Binusog din sila ng pondo ng diktador mula ₱880 milyon noong 1972 tungong ₱4 bilyon noong 1976. Sa mga bansa sa Southeast Asia, pinakamalaki noong 1971 hanggang 1980 ang gastusing militar ng diktadurang Marcos kahit pa ang Pilipinas ang may pinakamababang tantos ng paglaki ng *gross national product* sa naturang panahon.

Napatalsik man si Marcos Sr., namantine ng militar ang kapangyarihan sa sumunod na mga rehimen. Hindi bababa sa 15 mga heneral ni Marcos ang hinirang sa gubyerno ni Corazon Aquino. Nang maging presidente ang dating hepe ng PC na si Gen. Fidel V. Ramos, isinabatas niya ang pagpondo ng bilyun-bilyong piso para sa "modernisasyon" ng AFP. Pinalawak ang saklaw nito sa ilalim ng rehimeng Aquino II at tinatayang popondohan ng mahigit $40 bilyon hanggang 2028.

Simula't sapul, naging palabigasan ng mga heneral ang dambuhalang pondo. Ngayong taon, ang pinagsamang badyet para sa militar at pulis ay mahigit ₱470 bilyon, na 9.4% ng pambansang badyet at mas mataas kumpara sa badyet para sa pampublikong kalusugan. Mas marami ang mga sundalo kaysa mga manggagawang pangkalusugan.

Sa panahon din ng batas militar, naging makapangyarihan ang AFP sa pagpapatakbo ng gubyerno. Lampas sa pangunahing tungkulin nitong pangalagaan ang soberanya ng bansa, ang mga upisyal ng AFP ay naging mga tagapamahala ng mga industriyang kaugnay ng militar at mga pampublikong korporasyon, at maging mga kinatawan sa ugnayang panlabas.

Taliwas sa prinsipyo ng pananaig ng pamumunong sibilyan, unti-unting pinawi ng mga heneral ang demokrasya at namayagpag sila sa gubyerno sa paglipas ng mga dekada. Impluwensyado nila ang susing mga desisyon at patakaran ng gubyerno, humahawak ng sensitibong mga pwesto sa burukrasya, at nag-aareglo ng mga paglilipat ng kapangyarihan ng mga rehimen.

Ang paboritong mga heneral

Sa pagmomonopolyo sa kapangyarihan, nagtiwala lamang si Marcos Sr. sa kanyang sirkulo ng mga heneral mula Ilocos kabilang sina Gen. Fabian Ver at General Ramos.

Bawat sumunod na presidente ay nag-alaga ng kani-kanyang pinapaburang pangkat ng mga heneral na may malawak na impluwensya kahit retirado na. Sa panahon ni Rodrigo Duterte, humawak ng pinakamalaking kapangyarihan ang militar at pulis. Noong 2017, tahasang nagdeklara si Duterte na magtatalaga siya sa gabinete ng mga dating upisyal upang "kumpletuhin ang junta" at "maging tagapamahala" ng gubyerno nang sa gayon ay walang dahilan upang siya'y ikudeta. Ang mga heneral na ito ang nagpapatakbo ng gubyerno ni Duterte sa ngalan ng National Task Force-Elcac.

Tulad ni Marcos Sr., tinadtad nga ni Duterte ng mga upisyal ng militar at pulis ang kanyang gubyerno. Umabot sa mahigit 70 sa kanila ang pinahawak sa mga pambansang ahensya, maliban pa sa daan-daang dating mga sundalo at pulis na itinalaga sa mga ahensya sa mga rehiyon at prubinsya, o naluklok sa lokal na mga gubyerno. Samantala, ang tinaguriang mga Davao General ay ipinwesto rin sa mga susing pusisyon sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Ang rehimeng Duterte ang pinakamilitarisado sa kasaysayan ng bansa. Dinaig nito ang gubyerno ni Marcos Sr. noong panahon ng diktadura, na kahit paano'y nagmantine ng mga sibilyang upisyal na may katugmang bakgrawn at kasanayan sa larangan ng edukasyon, paggawa, agrikultura, at iba pa.

Noon mang panahon ni Marcos Sr. o ni Duterte ngayon, ang pag-aalaga nila ng paboritong mga heneral ay nagdudulot ng pagpapaksyon ng mga heneral na nag-aambisyon ding humawak ng kapangyarihan. Lumalalim din ang disgusto sa hanay ng nakabababang-ranggong mga upisyal, at ng umuusbong na mga elementong makabayan at demokratiko. AB

SA MADALING SALITA

63.5%

na ang *debt-to-GDP ratio* o laki ng utang kumpara sa ekonomya. Lampas ito sa pamantayang tantos na 60% para sa mga bansang tulad ng Pilipinas na sukatan ng kakayahan nitong bayaran ang utang.

Pinagkunan: *Bureau of Treasury*

"Matakot sa kasaysayan pagkat walang lihim itong di nahahayag."

kasabihang nagmula kay Gregoria de Jesus (Lakambini), myembro at sundalo ng Kataas-taasang Kagalang-galangan Katipunan ng mga Anak ng Bayan, at asawa ni Andres Bonifacio. Ipinanganak siya noong Mayo 9, 1875.

20.1 MILYON O 43%

manggagawang Pilipino noong Marso ang tinatayang nasa "impormal na sektor" kung saan walang katiyakan, barat ang sahod o di kaya'y di bayad ang mga trabaho.

Pinagkunan: *Ibon Foundation*

₱452 bilyon

ang hinuthot ng estado mula sa buwis sa pag-aangkat ng langis mula Setyembre 2019 hanggang Oktubre 2021. Dagdag pa rito ang ₱29.81 bilyon na nakulekta nitong *excise tax* sa parehong panahon.

Pinagkunan: *Department of Finance*

#NeverAgain Bundle

kulumpon ng 5 librong pambata na naglalaman ng mga kwento tungkol sa batas militar na ni-*red-tag* ng NTF-Elcac at National Intelligence Coordinating Agency dahil diumano ginagawang "radikal" ang mga paslit.

845

lokal na kandidato, karamihan mula sa mga nakaupo nang dinastiya, ang tumakbong walang kalaban noong halalang 2022. Kinailangan lamang nila ng 1 boto para manalo.

₱33

limos na dagdag-sahod ang iginawad sa NCR noong Mayo 14 at ₱55-₱110 sa Western Visayas. Kulang na kulang ito sa nagtataasang presyo ng langis, pagkain at mga bayarin.

Pinagkunan: *Kilusang Mayo Uno*

GOTA GO GAMA

kilusang nagpatalsik sa *prime minister* ng Sri Lanka na si Mahinda Rajapaksa noong Mayo 9. Parehong siya at ang kapatid niyang si Gotabaya "Gota" Rajapakasa, presidente ng bansa, ang pinagbibitiw dulot ng palpak na tugon nila sa krisis sa ekonomya at pandemya.

Remitans ng mga migranteng manggagawa, ginagawang negosyo

Matagal nang napatunayan kung papaanong nakasalalay nang husto ang lokal na ekonomya sa pondong nagmumula sa mga remitans ng mga migranteng manggagawa. Tumampok ito sa panahon ng pandemya, kung saan ang pinadadala nilang salapi sa mga kamag-anak nila sa Pilipinas ang nagtawid sa milyun-milyong nawalan ng trabaho at ng pagkakakitaan.

Noong 2020, umabot sa $29.903 bilyon (₱1.49 trilyon) ang pumasok na remitans sa bansa—mas malaki kumpara sa ibang pinagkukunan ng dayuhang kapital tulad ng dayuhang pamumuhunang kapital, rebenyu mula sa turismo at mga *call center*. Mula 2000, ang remitans ang bumubuo sa humigit-kumulang 10% ng *gross domestic product* ng Pilipinas.

Nabawasan lamang nang 0.8% ang kabuuang remitans na ipinadala ng mga migranteng Pilipino sa kasagsagan ng pandemya noong 2020. Ito ay kahit mahigit 600,000 ang nawalan ng trabaho at milyun-milyon pang Pilipino ang pansamantalang nawalan ng trabaho dulot ng mga restriksyon. Para tuluy-tuloy na makapagpadala, lalo pang paghihigpit ng sinturon ang kanilang ginawa. Sa US, tinatayang pati ang ayudang ipinamahagi sa kanila ng gubyerno ay ipinadala nila sa Pilipinas. Noong 2021, pumalo tungong ₱34 bilyon ang kabuuang pumasok na remitans sa bansa.

Kaltas sa remitans

Todo-todo na nga ang mga sakripisyo, dagdag pasakit pa sa mga migranteng Pilipino ang napakataas na "remittance cost" o kaltas ng mga bangko at institusyong dinadaluyan ng kanilang remitans. Kabilang sa pinakamalaki ang kinakamkam na tubo ay ang mga bangkong Amerikano kung saan dumadaan ang 40% ng mga remitans.

Sa ulat ng Asian Development Bank noong Pebrero, umabot sa 8.8% o $17.6 (₱915.20) sa palitang $1=₱52) ang abereyds na kinakaltas ng mga kumpanya ng *money transfer* sa bawat $200 (₱10,400) na ipinapadala ng mga migranteng Pilipino. Mas mataas ito kumpara sa pandaigdigang abereyds na 6.4% at 5.9% sa mga rehiyon ng Asia at Pacific. Abereyds na $300-$500 kada buwan o mahigit kalahati sa kanilang sahod ang ipinadadala ng mayorya ng mga migranteng Pilipino.

Samantala, umaabot sa 10% o higit pa ang kinakaltas ng mga bangko kapwa sa kanilang mga serbisyong pinansyal (pareho sa pisikal na bangko at *mobile banking* gamit ang internet). Liban pa rito ang mga "nakatagong bayarin" na arbitraryong ipinapataw ng mga bangko at institusyon. Isa rito ang sinisingil kapag nagbabago ang *foreign exchange rate* (o tantos ng palitan ng pera) na nakasalalay sa ispekulasyon sa merkado.

Mayorya sa mga remitans (70% sa pandaigdigang saklaw) ay *cash-to-cash* kung saan idinedeposito sa ibang bansa at kinukuha sa bangko sa anyong *cash* sa lokal na salapi. Pinakamababa ang bilang ng gumagamit ng "mobile money" o pagpapadala ng remitans gamit ang selpon tulad ng GCash dahil sa limitadong imprastruktura at kaalaman. Ito ay kahit pa ang naturang pamamaraan ang may pinakamababang singil kada transaksyon.

Sa minimum, umabot sa $2.56 bilyon (₱135.2 bilyon) ang nakopo ng mga bangko at institusyon sa kasagsagan ng pandemya noong 2020. Mas malaki ito sa ₱100 bilyong ipinang-ayuda ng rehimeng Duterte sa taon ding iyon.

Remitans bilang negosyo

Kabilang sa kumpanyang kumikita sa remitans ng mga migranteng manggagawa ang mga kumpanyang Amerikanong Western Union at MoneyGram. Sa Pilipinas, numero unong daluyan ng remitans ang Philippine National Bank na pag-aari ni Lucio Tan at Banco de Oro ng pamilyang Sy.

Noong 2017, sumakay ang rehimeng Duterte sa pagnenegosyo sa remitans nang itinatag nito ang Overseas Filipino Bank (OFBank) sa pamamagitan ng Executive Order 44. Binansagan itong "bankpira" at "panibagong raket ng estado" ng grupong Migrante International dahil anila'y "sisipsipin" nito ang mga remitans ng mga migrante. Liban sa pagpapadala ng remitans sa mga pamilya, nag-aalok itong maging daluyan ng mga bayarin sa estado tulad ng Social Service System, OWWA, PhilHealth, Pag-ibig at iba pa kapalit ng singil kada transaksyon.

Higit rito, tinutulan ng mga migrante ang OFBank dahil pinalalakas nito ang patakarang pagluluwas ng lakas-paggawa ng mga manggagawang Pilipino. Anila, hindi nito tinutugunan ang ugat ng pwersahang migrasyon. "Ang nangungunang layunin nito ay padulasin at pahigpitin ang sistema ng paghuthot ng kita mula sa pinaghirapang sahod ng mga migranteng Pilipino," ayon sa grupo. AB

Ang busabos na kalagayan ng mga manggagawa sa operasyong *onay*

Walang takdang oras ng paggawa, sagad ang katawan at walang pahinga sa trabahong umaabot sa 24-oras. Ganito inilarawan ng mga manggagawa sa malalaking barko sa General Santos City na bahagi ng operasyong *purse seiner* o *onay*.

Ang *onay* ay operasyon ng komersyal na pangingisda na gumagamit ng malalaking lambat sa paghuli ng mga isda at naglalayag sa malalayong karagatan nang mahigit kalahating taon.

Pinakamalaking prodyuser ng tuna ang mga *onay*. Noong 2020, umabot sa 152,867 metriko tonelada (MT) ang nahuli nito o 60% ng kabuuang 254,779.32 MT tuna na dumaong sa lunsod. Ang 44.5% ng kabuuang huli ng *onay* ay pangunahin sa Moro Gulf, Sarangani Bay at Sulu Sea habang ang 55.5% ay mula sa laot, partikular sa Western at South Pacific, at mga karagatan ng Indonesia at Papua New Guinea. Mga tunang gulyasan *(skipjack)* at tambakol *(yellowfin)* ang pangunahing nahuhuli ng mga *onay*. Ang bulto nito ang pinuproseso ng mga *tuna cannery* sa General Santos City.

Sa nagdaang mga taon, naging laganap na paggamit ng mga *payaw* (kagamitang pinalulutang at nakadisenyo para umakit ng mga isda) para maparami ang huli ng mga *onay*. Naging dahilan ito sa pagkakaubos ng mga batang isda at nanganganib na mga hayop sa dagat na madalas ay kasamang nahuhuli. Malimit ding nasasangkot ang malakihang mga *onay* sa iligal at di nauulat na pangingisda.

Maliitan at katamtamang-laki ang karamihan sa mga *onay* sa General Santos. Mayroong itong 1,690 na mga sasakyang pandagat at nag-eempleyo ng 15,500 manggagawa. Mayroon ding nag-oopereyt na 16 na malakihan at 18 "superseiners" (dambuhala) na pag-aari ng mga lokal at dayuhang kumpanya. Sumasaklaw ito ng 230 na mga sasakyang pandagat at nag-eempleyo ng mahigit 2,000 manggagawa.

Pinatatakbo ng RD Fishing Group ang pinakamalaking operasyon ng *onay* sa syudad. Pag-aari ito ng pamilyang Rivera, na may-ari din ng RD Pawnshop at mahigit 40 iba pang negosyo. Sila rin ang isa sa mga naghahari sa pulitika sa General Santos, kung saan nagsilbing meyor si Ronnel Rivera sa nakaraang siyam na taon. (Pinalitan siya nitong 2022 ng kanyang kaalyadong si Lor Pacquiao, hipag ni Manny Pacquiao.)

Pang-aalipin at pagsasamantala

Tinatayang nasa 30% lamang ng kabuuang 17,500 na manggagawa sa mga *onay* ay residente ng lunsod. Ang karamihan ay dumadayo mula sa iba't ibang mga baybaying prubinsya ng Mindanao at mga isla sa Visayas.

Karaniwang umaabot sa 6-7 buwan ang pananatili sa laot ng mga manggagawa sa *onay*. Pinapayagan lamang na dumaong ang mga mangingisda pagkatapos ng anim na buwan para magkwenta ng mga oras ng trabaho at kunin ang kanilang sweldo. Nangangahulugan ito ng matagal na pagkakawalay sa pamilya at pagkakalantad sa pabagu-bago at malulupit na kalagayan ng panahon at mga nakaambang panganib sa karagatan.

Sa mga panahong lumalayag at hindi sumasahod ang mga marinero, napipilitan ang kanilang mga pamilya na mangutang sa may-ari ng mga *onay*. Hindi bababa sa 10% ang karaniwang interes ang pinapataw dito na awtomatikong ikinakaltas sa sahod ng mga mandaragat. May ilang kaso na ang naiwang pamilya ng manggagawa ay ginagawang alipin ng may-ari ng *onay*.

Nakasalalay sa dami ng isdang nahuhuli ang kinikita ng isang *onay*. Arbitraryo ang pamamaraan ng pagtatakda nito, mula sa pagtitimbang at pagkwenta ng halaga. Ibinabawas sa benta ang pambayad sa puhunang inutang para makapaglayag. Kadalasan, ang may-ari ng *onay* din ang "pinansyer" ng operasyon. Karaniwang 14% lamang ng netong kinita ng *onay* ang napupunta sa mga manggagawa bilang sahod habang ang 86% ay ang "malinis" na kita na inaako ng opereytor.

Bahagyang umaabot sa itinakdang minimum na sahod sa rehiyon ang sahod ng mga marinero. Maliit na lamang ang natitira rito matapos bayaran ang inutang ng kanilang mga pamilya.

Walang unyon ang mga mandaragat. Wala silang mga benepisyong pangkalusugan at *insurance* (seguro), kahit pa puno ng panganib ang kanilang trabaho. Hayagan ang pagpapatrabaho ng mga menor de edad sa mga *onay* kahit malaon na itong ipinagbabawal. Nagpapatuloy din ang iligal na pangingisda sa karagatan ng ibang bansa kahit pa taun-taon ay may nahuhuli at nakukulong na mga mandaragat sa Indonesia at iba pang mga bansa. Madalas ang mga nahuhuli ay pinababayaan na lamang ng kanilang amo o kumpanyang pinagtatrabahuan. AB

2 magsasaka, iligal na inaresto

Dalawang magsasaka ang inaresto matapos tinaniman ng ebidensya sa kanilang mga bahay noong panahon ng eleksyon. Inaresto si Victoria Tumabiao ng mga elemento ng 61st IB, Iloilo Provincial Intelligence Unit at PNP-Leon sa sentro ng Barangay Jimog-Gines, Leon, Iloilo noong Mayo 9, araw ng botohan. Si Tumabiao ay *pollwatcher* ng *party list* na Anakpawis at lider ng Leon United Peasant Association.

Noong Mayo 4 inaresto sa kasong *illegal possession of firearms* si Danilo Hapa, residente ng Sityo Parad, Barangay Fabrica, Barcelona, Sorsogon ng mga elemento ng PNP-Barcelona at 31st IB. Si Hapa ang ika-12 biktima ng tanim-baril sa Sorsogon.

Pagpaslang. Namatay sa pamamaril ng mga elemento ng 67th IB sa Sityo Mamparasan, Barangay San Roque, Bislig City, Surigao del Sur si Lolong Magallanes noong Mayo 6. Noon pang Abril hinaharas si Magallanes ng mga elemento ng intelidyens at inaakusahang kontak at tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan.

Panununog. Noong Mayo 13, sinalakay at sinunog ng tropa ng 31st IB ang bahay ni Adelfa Quiñones sa Barangay San Pascual, Casiguran, Sorsogon. Binantaan din ng mga sundalo si Henry Fusana na gagantihan kung may makasagupa silang yunit ng hukbong bayan sa lugar. AB

Radar, pinasabugan ng mga gerilya sa Turkey

PINASABUGAN NG TİKKO (Workers and Peasants Liberation Army of Turkey o Hukbong Mapagpalaya ng mga Manggagawa at Magsasaka ng Turkey), armadong pwersa ng TKP-ML (Communist Party of Turkey/Marxist-Leninist) ang kampo ng pasistang tropa ng Turkish Republic sa rehiyon ng Mennax sa Til Temir noong Mayo 17 ng umaga. Ayon sa ulat ng TKP-ML, napatamaan nito ang radar ng kampo.

Inilunsad ang armadong aksyon kasabay ng ika-49 anibersaryo ng pagkamatay ng kanilang lider na si İbrahim Kaypakkaya. Ayon pa sa grupo, kinikilala nila na ang pinakamahusay na paggunita sa pagkamartir ng kanilang lider ay ang aktibo at matatag na pakikibaka sa lahat ng larangan laban sa pasistang Turkish Republic.

Nagdiwang noong Abril 21 ang TKP-ML ng kanilang ika-50 taong anibersaryo ng pagkakatatag. Sa okasyong ito, pinagtibay ng grupo ang kanilang pagkakaisa para isulong ang armadong pakikibaka.

Ayudang militar ng US, nagpapatagal sa gera sa Ukraine

Pinaiigting at pinatatagal ng imperyalistang US at mga alyado nito sa North Atlantic Treaty Organization (NATO) ang *proxy war* nito laban sa Russia sa pamamagitan ng pagbuhos ng bilyun-bilyong dolyar na halaga ng armas at ayudang militar. Dahil sa tinatanggap na ayudang militar, tumatanggi ang gubyerno ng Ukraine na makipag-usapang pangkapayapaan sa Russia para pag-usapan ang pagtatapos ng gera.

Noong Mayo 10, pinagtibay ng Kongreso ng US ang $40 bilyong pakete ng ayudang militar para sa papet nitong gubyernong Zelensky sa Ukraine. Sa kabuuan, umaabot na sa $54 bilyon ang ibinuhos ng gubyernong Biden sa Ukraine simula Marso. Mas malaki ito nang $6 bilyong sa kabuuang ginastos ng US bilang ayudang pangmilitar at pang-ekonomya sa buong mundo noong 2019.

Ang bagong pondong ito ay gagamitin para ipambili ng mga *drone*, libu-libong misayl na *anti-aircraft* at *anti-tank*, mga *grenade launcher*, riple, pistola, masinggan at *shotgun*. Gagamitin din ito para ipambili ng milyun-milyong bala at granada, at mga *body armor* at *helmet*. Kalakhan ng mga ito ay gawa ng Lockheed Martin at Raytheon, gayundin ng BAE Systems ng UK.

Ang papalaking ayudang militar ng US at NATO ay klarong nagpapakita ng paglulunsad nito ng isang *proxy war* sa Ukraine laban sa Russia. Ipinakikita ito ng pagkambyo sa patakaran ng US: mula sa dating mga pahayag na "pagtulong sa Ukraine," dinedeklara ng mga upisyal ng US na ang pakay ng kanilang tulong ay "wasakin ang lakas-militar ng Russia."

Katuwang din ng US ang United Kingdom sa pagsuporta sa Ukraine. Magkatuwang din sila sa pagtulak sa mga bansang kabilang sa NATO para magbigay ng suportang militar sa Ukraine. Ang Germany ay nagpadala ng mga tangke taliwas sa patakaran nito na magpadala ng ayudang militar sa mga gera.

Matagal nang inuudyukan ng US ang Russia gamit ang Ukraine. Mula 2014, nasa $300 milyong ayuda kada taon ang inilaan nito sa Ukraine para armasan at sanayin ang mga pwersang militar ng Ukraine, kabilang ang pasistang Azov Battalion. AB